PAG-UNAWA SA IYONG “ENERGY BILL” O BAYARIN SA ENERHIYA (KORYENTE,GAS, atbp.)

Maraming impormasyong nakalagay sa energy bill mo at maaring mahirap intindihin. Medyo nagkakaiba-iba ang hitsura ng mga bill mula sa iba’t ibang kompanya ng enerhiya pero pareho ang basic information. Anumang kompanya ng enerhiya ang gamit mo, importanteng tandaan:

- May karapatan kang maunawaan at magtanong tungkol sa babayaran mong energy bill.
- Dapat mong rebyuhin ang iyong bill kada buwan, at kung mayroon kang hindi naiintindihan at di-sinasang-ayunan, dapat tawagan agad ang kompanya ng enerhiya at humingi ng paliwanag. Ang iyong organisasyong “CHANGES” (Community Help and Awareness of Natural Gas and Electricity Services) ay matutulungan ka sa pagtawag at masagot ang mga katanungan mo.

ANO ANG DAPAT ALAMIN SA IYONG BILL

Ang iyong bill ay may sumusunod na mga impormasyon:

- **PANGKALAHATANG IMPORMASYON:** Kasama rito ang iyong account number, pangalan, tirahan, mga natanggap na bayad mula noong huling bill, ang dapat mong bayaran at ang takdang araw ng pagbabayad.

- **IMPORMASYON TUNGKOL SA KOMPANYA:** Sinasabi nito kung paano makokontak ang kompanya kung may mga tanong o probblema tungkol sa iyong bill.

Your electricity bill

Your service plan: Standard Rate

Charges for electricity services

Cost of electricity you used $1.89

Customer account charge $14.55

Delivery service charge $4.73

Environmental benefits surcharge $0.09

Environmental improvement surcharge $1.6

Federal environmental $0.

System benefits charge $2.

Power supply adjustment*

- **PALIWANAG SA KUWENTA NG MGA BABAYARAN O SINGIL:** Nagbibigay Ito ng mga impormasyon kasama ang nagamit na enerhiya at halaga ng babayaran. May makikita ka ring mga tsart, na naghahambing ng nakonsumo mong enerhiya sa mga nakaraang buwan o sa iba’t ibang oras sa maghapon.

- **MGA SINGIL NG IBANG MGA KOMPANYA:** Kung gumagamit ka ng enerhiya galing sa ibang kompanya, nakadetalye sa seksyong ito ang mga singil.

- **STUB O RESIBO SA PAGBABAYAD:** Kung ipinapadala mo sa koreo (post office) ang iyong bayad, dapat pilasin mo ang stub at ilakip ito.

SA PAGTANGGAP NG IYONG BILL:

Kapag natanggap mo ang iyong bill, rebyuhin agad ito at tingnan ang mga sumusunod:

- I-tsek ang halaga ng babayaran at ang araw na dapat itong bayaran. Kung sa tingin mo mahihirapan kang magbayad ng bill mo, humingi ka agad ng tulong sa inyong organisasyon na “CHANGES.” Huwag maghintay ng huling sandali.
- Tiyakin na ang iyong mga ibinayad noong nakaraan ay naipasok (nailista) sa iyong account.
- Siguraduhin na walang mga singil mula sa ibang mga kompanya na hindi mo pinayagan o hindi mo binigyang autorisasyon.

May karapatan kang maintindihang lahat ang mga sinisingil sa iyo sa iyong bill na sa palagay mo ay mali.

PAGBABAYAD NG IYONG BILL

Bayaran mo ang iyong bill bago ng takdang araw ng pagbabayad para maiwasan ang dagdag na singil o para hindi maputol ang koryente o gas. Kung nahihirapan kang magbayad, ang iyong organisasyon na ”CHANGES” ay makatutulong sa iyo para makiusap na magbigay ng palugit na panahon o gumawa ng plano ng pagbabayad. Pwede rin silang makahanap ng mga programang tumutulong sa pagbabayad na ikaw ay maaaring kwalipikado.

Ang iyong organisasyong “CHANGES” ay pwedeng mag-tsek ng iyong mga bayarin, tulungan kang sagutan ang mga papeles na kinakailangan, makipag-usap sa kompanya ng elektrisidad at gas para sa iyo, at sumagot sa iyong mga tanong at/o mga pinoproblema.

Kontakin ang iyong lokal na organisasyon na CHANGES para humingi ng tulong:

Community Help and Awareness of Natural Gas and Electricity Services
“CHANGES”

Ang CHANGES ay isang programa ng
California Public Utilities Commission
www.cpuc.ca.gov